# Paggamot sa Gitna ng Paggahasa:

## Ang mga Pagamutan Bilang Pook ng Brutalidad at Kabayanihan Noong Labanan Para sa Liberasyon ng Maynila (3 Pebrero – 3 Marso 1945)

Michael Charleston B. Chua

> "Hospitals were set afire after the patients had been strapped to their beds. The corpses of males were mutilated, females of all ages were raped before they were slain, and babies' eyes were gouged out and smeared on walls like jelly."[1]
>
> —*Donald L. Miller*

## Panimula

Mahigit kalahating dantaon na ang nakararaan, nabibigla pa rin tayo sa tuwing ating naririnig ang mga kuwento ng brutalidad na tulad ng naisalarawan ni Miller. Mga karanasang tila mga multong ninais kalimutan subalit patuloy na gumigitla sa atin. Sa inyong nabasa, maging ang mga maysakit at ang mga pagamutan ay hindi pinatawad ng karahasan na isinagawa ng mga natatalong Hukbong Hapones sa labanan para sa "Liberasyon" ng mga Amerikano sa Maynila.

Sa tuwing pinag-uusapan ang mga digmaan sa kasaysayan, ating tinitingnan ang pagkilos ng mga kawal, ang mga pinuno, ang mga tagumpay at mga kabiguan sa labanan. Nakakaligtaan na sa likod ng mga nakatalang mga pangyayaring ito sa mga digmaan, ay ang iba't ibang walang pangalang mga tao na naging biktima ng karahasan, o di kaya'y nagsisilbi sa mga digmaan bilang mga kawaning propesyonal.

Bibigyang-pansin natin ngayon ang mga instalasyong medikal noong Liberasyon ng Maynila. Kabilang sa mga minasaker ng Hukbong Hapones ang mga pasyente at kawani ng mga pagamutan. Nadamay rin sa *artillery shelling* na isinagawa ng mga Amerikano ang mga ospital. Nanganib ang mga gusaling ito sa karahasan subalit ang mga doktor at nars ay patuloy na nanilbihan sa mga pasyente, hindi ininda ang panganib na dulot ng labanan. Nang kinailangan sila ng pagkakataon, sinunod nila ang tawag ng panahon, ilan sa kanila'y naging mga martir. Ito ang kanilang kuwento.